Marso 25, 2022 Kautusang Tagapagpaganap
2022-08

# Kautusang Tagapagpaganap para Magtatag ng Komisyon sa Cybersecurity ng Illinois

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Estado ng Illinois na ang Information Technology ay mahalaga sa seguridad ng bansa at ng estado, sa ekonomiya, at sa pampublikong kalusugan at kaligtasan; at,

**SAPAGKAT,** ang mga negosyo, pamahalaan, akademya, at mga indibidwal ay lalong umaasa sa mga sistema ng Information Technology, kabilang ang mga sistema ng impormasyon, mga network at kritikal na imprastraktura, para sa mahahalagang serbisyo at pang-araw-araw na pamumuhay; at,

**SAPAGKAT,** inaasahan ng pangkalahatang publiko, gayundin ng publiko at pribadong sektor, na ang mga sistema ng Information Technology ay mananatiling ligtas at matatag sa harap ng pagtaas ng mga banta mula sa mga sopistikadong cyber-attack na nagdudulot ng personal, propesyonal, at pinansiyal na mga panganib sa mga mamamayan ng Estado ng Illinois at nagbabanta sa seguridad at ekonomiya ng ating Estado; at,

**SAPAGKAT,** ang pagpapatibay ng mga sistema ng Information Technology sa loob ng Illinois ay hindi kayang abutin ng alinmang nag-iisang entidad, at nangangailangan ng nagtutulungang publiko-pribadong samahan na naghihikayat sa pagkakaisa ng pagsisikap; at,

**SAPAGKAT,** upang maprotektahan ang seguridad at ekonomiya ng Estado, nararapat at kinakailangan para sa pamahalaan ng estado na magtatag at manguna ng isang nagtutulungang pagsisikap na kinabibilangan ng pamahalaan, pribadong sektor, militar, pananaliksik, at mga stakeholder ng akademya upang bumuo at magrekomenda ng isang whole-of-state na pamaraan sa pagpapahusay ng cybersecurity ng Illinois;

**SAMAKATWID,** ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa pamamagitan ng bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, iniuutos ko ang mga sumusunod:

## I. Komisyon sa Cybersecurity ng Illinois

A. Ang Komisyon sa Cybersecurity ng Illinois (“Komisyon”) ay nilikha at itinatag sa pamamagitan nito, alinsunod sa mga tuntunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.

B. Ang Komisyon ay bubuuin ng Mga Miyembro na Bumuboto at Mga Miyembro na Hindi Bumuboto na hinirang ng Gobernador, gaya ng sumusunod:

a. Mga Miyembro na Bumuboto:

i. Ang Homeland Security Advisor ng Gobernador, o taong itinalaga;
ii. Ang Direktor ng Illinois Emergency Management Agency, o taong itinalaga;
iii. Ang Chief Information Security Officer ng Illinois Department of Innovation and Technology, o taong itinalaga;
iv. Ang Attorney General ng Illinois, o taong itinalaga, na may pahintulot at pag-apruba ng Attorney General ng Illinois;
v. Ang Adjutant General ng National Guard ng Illinois, o taong itinalaga;
vi. Ang Direktor ng Illinois State Police, o taong itinalaga;
vii. Ang Chairman ng Illinois Commerce Commission, o taong itinalaga, na may pahintulot at pag-apruba ng nasabing Chairman;
viii. Ang Direktor ng Illinois Department of Commerce and Economic Opportunity, o taong itinalaga;
ix. Ang Direktor ng Illinois Department of Revenue, o taong itinalaga; at
x. Isang kinatawan ng Tanggapan ng Gobernador.

b. Mga Miyembro na Hindi Bumuboto:

i. Isang kinatawan ng isang asosasyon na kumakatawan sa Sektor ng Information Technology;
ii. Isang kinatawan ng isang asosasyon na kumakatawan sa Sektor ng Komunikasyon;
iii. Isang kinatawan ng isang asosasyon na kumakatawan sa Sektor ng Defense Industrial Base;
iv. Isang kinatawan ng isang asosasyon na kumakatawan sa Sektor ng Enerhiya;
v. Isang kinatawan ng isang asosasyon na kumakatawan sa Sektor ng Mga Serbisyong Pinansyal;
vi. Isang kinatawan ng isang asosasyon na kumakatawan sa Sektor ng Pangangalagang Pangkalusugan at Pampublikong Kalusugan; at
vii. Isang kinatawan ng isang asosasyon na kumakatawan sa Sektor ng Water and Wastewater Systems.

C. Ang Komisyon ay maaari ring magsama ng Mga Miyembro na Hindi Bumuboto, gaya ng pinili ng kaugnay na pederal na ahensya na may pahintulot at pag-apruba ng nasabing ahensya:

a. Isang eksperto sa cybersecurity mula sa Chicago o Springfield field office ng Federal Bureau of Investigation.

b. Dalawang eksperto sa cybersecurity mula sa Department of Homeland Security ng Estados Unidos, tulad ng mga sumusunod:

i. Isang cybersecurity advisor mula sa Region 5 Office of the Cybersecurity and Infrastructure Security Agency; at

ii. Isang eksperto sa cybersecurity mula sa Chicago field office ng United States Secret Service.

D. Ang Komisyon ay dapat magsama ng isang kinatawan ng Statewide Terrorism and Intelligence Center (STIC) bilang isang Advisory Member. Ang Komisyon ay maaari ring magtalaga ng iba pang mga Advisory Member na kumakatawan sa mga interes ng parehong pampubliko at pribadong sektor. Maliban sa kinatawan ng STIC, na itatalaga ng Direktor ng Illinois State Police, ang mga Advisory Member ay pipiliin at aaprubahan ng mayorya ng Mga Miyembro ng Komisyon na

Bumuboto. Layunin ng Advisory Members na suportahan ang pagpapasiya ng Komisyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng kadalubhasaan sa mga paksang tinatalakay at espesyalisadong pananaw.

E. Ang Homeland Security Advisor ng Gobernador, o taong itinalaga, ay magsisilbing chairperson ng Komisyon.

F. Ang Komisyon ay bubuo at magrerekomenda ng plano sa pagpapatupad para sa pagsasakatuparan ng mga sumusunod na layunin:

   a. Pagbuo at pagpapahusay ng cyber awareness at pagsasanay para sa mga entidad ng kritikal na imprastraktura sa pribadong sektor, kabilang ang pagtuturo sa mga stakeholder ng mga paraan upang maiwasan ang mga pag-atake sa cybersecurity at protektahan ang personal na impormasyon; at pagsasagawa, pagsuporta, at pagdalo sa mga pagsasanay sa cybersecurity upang mapabuti ang mga teknikal na kakayahan;

   b. Pagbuo ng mga kasanayan, proseso at pangkalahatang pagpaplano na kinakailangan upang maprotektahan ang mahahalagang impormasyon, mapagkukunan, at serbisyo, kabilang ang pagtukoy at pagpigil sa mga cyber-attack upang mabawasan ang masamang epekto; pagpapabuti at pagpapalawak ng mga kakayahan sa pagtugon sa insidente ng seguridad sa buong estado; at pagtataguyod at pangangasiwa ng pagsasanay sa iba't ibang sektor at komunidad at mga senaryo ng pag-eensayo para sa mga kasamahan sa kritikal na imprastraktura sa pribadong sektor upang patibayin ang mga kritikal na sistema na nagsisilbi sa publiko;

   c. Ganap na pagpapaunlad ng cyber competencies sa pamamagitan ng paggamit ng mga pinakamahuhusay na kasanayan upang matulungan ang mga organisasyon ng kritikal na imprastraktura sa pribadong sektor na gumawa ng mga risk-based na pagpapasiya para sa pagpapabuti ng cybersecurity, kabilang ang pagsulong ng risk-based na pamamaraan sa cybersecurity; pagtatatag ng mga panrehiyong cyber response team sa kritikal na imprastraktura; at pagbuo at pagpapalaganap ng pinakamahuhusay na kasanayan at kasangkapan upang isulong ang cyber maturity; at

   d. Paglikha at pagpapalawak ng mga samahan upang magsulong ng patuloy na pag-aaral at pagbabahagi ng impormasyon upang matiyak ang kaligtasan at katatagan ng mga digital na imprastraktura, kabilang ang pagbuo at pangangalaga ng mga pakikipagtulungan sa mga sektor ng kritikal na imprastraktura upang matiyak ang katatagan ng mga kritikal na sistema; at pagtukoy, pagsusuri, at pagbabahagi ng impormasyon sa mga banta at kahinaan na nakakaapekto sa estado.

G. Ang Komisyon ay maaaring magpatibay ng isang charter, na naaayon sa mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito at sa naaangkop na batas, na nagtatakda kung paano pangasiwaan ng Komisyon ang sarili nito at isagawa ang mga responsibilidad na ibinigay sa Kautusang Tagapagpaganap na ito. Maaaring tukuyin ng charter ang mga naturang bagay bilang mga pagpupulong ng Komisyon, paglikha ng mga komite at grupong nagtatrabaho, at iba pang mga bagay na itinuturing ng Komisyon na nararapat.

H. Ang Illinois Emergency Management Agency ay magbibigay ng administratibong suporta para sa, at panatilihin ang mga rekord ng, Komisyon.

**II. Ulat sa Gobernador**

Ang chairperson ng Komisyon ay dapat magsumite ng ulat sa Gobernador sa Disyembre 31, 2022. Dapat idetalye ng ulat ang mga aktibidad, mga nagawa at rekomendasyon ng Komisyon. Sa pagsumite ng ulat, ang Komisyon ay bubuwagin.

**III. Etikal at Iba Pang Mga Kinakailangan**

Ang Komisyon ay sasailalim sa mga probisyon ng naaangkop na batas, kasama nang walang limitasyon ang Illinois Open Meetings Act, 5 ILCS 120/, at ang Illinois Freedom of Information Act, 5 ILCS 140/. Ang mga miyembro ng Komisyon ay sasailalim sa mga probisyon ng naaangkop na batas, kasama nang walang limitasyon ang Illinois State Officials and Employees Ethics Act, 5 ILCS 430/.

**IV. Pangligtas na Sugnay**

Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang pederal at pang-Estadong batas o regulasyon. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa mga umiiral na kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensya ng Estado o maipakahulugan bilang muling pagtatalaga o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.

**V. Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap**

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

**VI. Sugnay na Naghihiwalay**

Kung ang alinmang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay napatunayang hindi wasto ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang mga natitirang probisyon ay mananatiling ganap na may bisa at epekto. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ihiwalay.

**VII. Petsa ng Pagkabisa**

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

______________________________
**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Marso 25, 2022
Inihain sa Kalihim ng Estado Marso 25, 2022